5

# Modelong Banghay-Aralin sa Araling Panlipunan

Aralin 3

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Modelong Banghay Aralin sa Araling Panlipunan 5**
**Pinagmulan ng Sinaunang Tao sa Pilipinas**
**Kuwarter 1: Aralin 3 (Linggo 3)**
**TP 2023-2024**

Ang kagamitang panturong ito ay eksklusibo sa mga gurong kalahok para sa paunang pagpapatupad o implementasyon ng MATATAG K-10 na kurikulum sa taong panuruang 2023-2024. Layunin nitong mailahad ang nilalaman ng kurikulum, pamantayan, at mga kasanayang dapat malinang sa mga aralin. Ang anomang walang pahintulot na pagpapalathala, pamamahagi, pagmomodipika, at paggamit ay mahigpit na ipinagbabawal at may karampatang legal na katumbas na aksiyon.

Ang mga nahiram na nilalaman na kasama sa materyales na ito ay pag-aari ng mga may karapatang-sipi. Ginawa ang lahat upang malaman ang pinagmulan at makahingi ng permiso na magamit ang mga ito mula sa nagmamay-ari ng karapatang-sipi. Ang mga tagapaglathala at pangkat ng tagabuo ay walang anomang karapatan sa pagmamay-ari para sa mga ito.

**Mga Tagabuo**

**Manunulat: Renz Michael F. Ramirez**

**Tagasuri: Marivic Pimentel, Ph.D.**

Ang bawat pag-iingat ay ginawa upang masigurado ang katiyakan ng mga impormasyong nakapaloob sa materyales na ito. Para sa mga katanungan o fidbak, maaaring sumulat o tumawag sa Tanggapan ng Direktor ng *Bureau of Learning Resources* sa mga numero ng telepono (02) 8634-1072 and 8631-6922 o mag-email sa blr.od@deped.gov.ph.

**MODELONG BANGHAY-ARALIN**

**ARALING PANLIPUNAN/ UNANG MARKAHAN ARALIN 3 (LINGGO 3) / BAITANG 5**

| ***I.*** **NILALAMAN NG KURIKULUM, PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYAN SA ARALIN** | |
|---|---|
| ***A.*** **Mga Pamantayang Pangnilalaman** | Naipamamalas ang pag-unawa at pagpapahalaga sa pinagmulan ng Pilipinas at sa nabuong kalinangan ng sinaunang bayang Pilipino |
| **B. Mga Pamantayan sa Pagganap** | Nakalilikha ng presentasyon ukol sa pinagmulan ng Pilipinas at ng lahing Pilipino at sa nabuong kalinangan ng sinaunang bayang Pilipino |
| **C. Mga Kasanayan at Layuning Pampagkatuto** | ***Mga Kasanayan***<br>*1. Natutukoy ang pinagmulan ng sinaunang tao sa Pilipinas batay sa agham, kaalamang bayan, at relihiyon.*<br>*2. Naiisa-isa ang mga teorya tungkol sa pinagmulan ng sinaunang tao sa Pilipinas.*<br>*3. Nasusuri ang iba't ibang kaalamang bayan tungkol sa pinagmulan ng sinaunang tao sa Pilipinas.* |
| **D. Nilalaman** | Pinagmulan ng Sinaunang Tao sa Pilipinas<br>● Agham<br>a. Teoryang Austronesyano<br>b. Teorya ng Core Population<br>● Kaalamang Bayan (hal., alamat, kuwentong bayan, relihiyon) |
| **E. Integrasyon** | ● SDG #4: Quality Education<br>● Lokalisasyon at Kontekstwalisasyon<br>● Cultural Diversity |

| II. BATAYANG SANGGUNIAN SA PAGKATUTO |
|---|
| ● Adriano, M.V., Caampued, M. A., Capunitan, C. A., Galarosa, W. F., Miranda, N. P., Quintos, E. R., Dado, B. P., Gozun, R. A., Magsino, ML. L., Nabaza, J.B., Naval, E. P. (2015). Araling Panlipunan 4.<br><br>● Antonio, E. D., Banlaygas, E. L., & Lagarto, J. L. (2017). Kayamanan: Batayan at Sanayang Aklat sa Araling Panlipunan. Rex Book Store.<br><br>● Areté Ateneo. (2022). Ang Pinagmulan ng Daigdig [Audio podcast episode]. Areté Ateneo. Retrieved from https://arete.ateneo.edu/connect/ang-pinagmulan-ng-daigdig<br><br>● Cook, M. C. (1916). Philippine folk tales. Chicago: A. C. McClurg & Co. [Project Gutenberg edition].<br><br>● Gabay Pangkurikulum sa Araling Panlipunan. (2023). Department of Education DepEd Complex, Meralco Avenue Pasig City.<br><br>● Greshko, M., & Wei-Haas, M. (2019, April 11). New species of ancient human discovered in the Philippines. National Geographic. https://www.nationalgeographic.com/science/article/new-species-ancient-human-discovered-luzon-philippines-homo-luzonensis<br><br>Ang mga larawan ay kinuha sa:<br><br>● teorya-ng-lahing-pilipino-32-638.jpg (638×479) (slidesharecdn.com) |

| III. MGA HAKBANG SA PAGTUTURO AT PAGKATUTO | | MGA TALA sa GURO |
|---|---|---|
| **A. Pagkuha ng Dating Kaalaman** | ***Unang Araw***<br>**1. Maikling Balik-aral**<br>**Gawain 1: #Saan Nagmula ang Pilipinas? (Interaktibong Gawain)**<br>Sa nakaraang aralin ay tinakalay ang tungkol sa pinagmulan ng Pilipinas sa batay sa iba't ibang teorya. Ating alalahanin ang mga paksa sa pamamagitan ng isang gawain.<br><br>Panuto:<br><br>1. Lahat ay tatayo!<br>2. Magpapakita ng mga pangungusap kung saan sasagutin niyo kung ang pangungusap ay tumutukoy sa Volcanic Theory, Plate Tectonic Theory o Kaalamang Bayan.<br>3. Kapag kayo ay nakapamili na, pipila kayo sa sagot na inyong napili.<br>4. Ang mga mag-aaral na may maling sagot sa bawat bilang ay matatanggal na hanggang makita kung sino ang matitira hanggang sa huling pangungusap.<br><br>Handa na ba kayo?<br><br>1. Sa teorya na ito ang kapuluan ng Pilipinas ay mula sa malaking tipak ng lupain na naghiwa-hiwalay matagal na panahon na ang nakakalipas. | Panuto para sa gawain:<br>1. Siguraduhin na may sapat na espasyo ang lugar na gagamitin para sa gawain.<br>2. Lumikha ng *placard* na may nakasulat na<br>*1. Volcanic Theory*<br>*2. Plate Tectonic Theory*<br>3. Kaalamang Bayan.<br>Gumamit ng angkop at kung ano ang maaaring materyales sa inyong lugar.<br>4. Ipuwesto ang mga placard sa kanan, gitna at kaliwa.<br>5. Mayroon na tatlong pangungusap na nakalista (karamihan ay *general knowledge* tungkol sa mga teorya).<br>Iminumungkahi sa guro na magdagdag ng mga pangungusap batay sa |

| | | |
|---|---|---|
| | 2. Ayon sa teorya na ito, ang kapuluan ng Pilipinas ay bunsod ng mga pagtambak ng materyales galing sa pagsabog ng mga bulkan.<br><br>3. Ang kwento ng uwak na pinaglaban ang langit at dagat.<br><br>*(magdagdag pa ng katanungan dito kaugnay ng pinagmulan ng Pilipinas)*<br><br>Matapos ang gawain ay maghahanda na ang guro para sa pagpapakilala sa panibagong aralin sa pamamagitan ng isang gawain. | nakaraang talakayan ng paksa para sa mas interaktibo at pagtataya ng natutunan sa nakaraang aralin.<br><br>Aalamin ng guro ang pangkalahatang pang-unawa ng mga mag-aaral matapos ang gawain at sa natapos na aralin. |
| **B. Paglalahad ng Layunin** | ***Unang Araw***<br><br>**1. Paglinang sa Kahalagahan sa Pagkatuto sa Aralin**<br><br>**Gawain 2: #TatakPinoy**<br>Itatanong sa mga mag-aaral kung pamilyar sila sa mga kantang inihanda? Dudugtungan ang mga unang salita ng mga kanta.<br><br>1. Mga Kababayan, Song by Francis Magalona<br>Mga kababayan ko, Dapat lang malaman nyo, Bilib ako sa kulay ko. Ako ay **PILIPINO.**<br><br>2. Tayo'y Mga Pinoy, Song by Francis Magalona<br>Tayo'y mga pinoy tayo'y hindi kano, wag kang mahihiya kung ang **ILONG MO AY PANGO.**<br><br>3. Noypi, Song by Bamboo<br>Hoy, Pinoy ako. Buo aking loob. **MAY AGIMAT ANG DUGO KO**<br><br>Mga gabay na tanong:<br><br>1. Tungkol saan ang mga kantang ito? | Mayroong dalawang gawain para sa bahaging ito. Maaaring **pumili** ng isa o dalawa na gawain ang guro na angkop batay sa kakayahan at magagamit na materyales.<br><br>Para sa unang gawain: TatakPinoy<br>1. Maging pamilyar sa mga kanta<br>2. Ang guro ang mag-uumpisa na kantahin ang mga unang salita pagkatapos ay hihinto at hahayaan ang mga mag-aaral na dugtungan ang liriko ng kanta.<br>3. Sa sandalling hindi mahulaan ay sabay-sabay kantahin ang linya ng kanta.<br>4. Kung may pagkakataon na pakinggan ang tunay na kanta ay ito ay inirerekomenda. |

| | | |
|---|---|---|
| | 2. Ano-ano ang mga pisikal na katangian na tatak ng isang Pilipino?<br>▪ Sa kulay ng balat<br>▪ Sa hugis ng mukha, mata at ilong<br>▪ Sa tikas at tindig<br><br>3. Tingnan/pagmasdan ang inyong mga katabi, tinataglay ba ng inyong katabi o kaklase ang mga nabanggit na katangian?<br><br>4. Saan nagmula ang mga katangian na ito?<br><br>**Gawain 3: TatakPilipino: Isang Tula**<br>Panuto: Sa sagutang papel ay susulat ang mga mag-aaral ng isang tula sa pamamagitan ng pagdugtong ng mga salita mula sa mga pangungusap. Gawin itong malikhain at magkakatugma.<br><br>Ako ay may tula<br>Tula ng isang Pilipinong makabansa<br>Ako ay Pilipino,<br>Ang aking mata ay _______________ (ilarawan ang mata ng isang Pilipino)<br>Ang aking ilong ay _______________ (ilarawan ang ilong ng isang Pilipino)<br>Ang hugis ng aking mukha ay ____ (ilarawan ang hugis ng mukha ng isang Pilipino)<br>Higit sa lahat, aking kulay ng aking balat ay ____. (ilarawan ang kulay ng balat ng isang Pilipino)<br>Ito ang larawan ng isang Pilipino<br>Ako ay isang Pilipino<br><br>Matapos ang gawain, ang mga mag-aaral ay magbabahagi ng kanilang tula sa klase.<br><br>Mga gabay na tanong:<br>1. Tungkol saan ang  naisulat na tula?<br>2. Ano-ano ang mga pisikal na katangian na tatak ng isang Pilipino? | 5. Matapos dugtungan ay gabayan ang mga mag-aaral na sagutin ang mga sumusunod na tanong.<br><br>Panuto para sa guro:<br>1. Sa sagutang papel ay susulat ng mga mag-aaral ng isang tula tungkol sa pagiging Pilipino.<br>2. Matapos ang gawain ay magtawag ng mga mag-aaral na siyang magbabahagi ng kanyang nabuong tula sa klase. (nasa guro ang desisyon kung ilang mag-aaral ang magbabahagi batay sa oras na mayroon)<br>3. Matapos dugtungan ay gabayan ang mga mag-aaral na sagutin ang mga sumusunod na tanong. |

<table>
<tr>
<td></td>
<td>

▪ Sa kulay ng balat<br>
▪ Sa hugis ng mukha, mata at ilong<br>
▪ Sa tikas at tindig

3. Tingnan/pagmasdan ang inyong mga katabi, tinataglay ba ng inyong katabi o kaklase ang mga nabanggit na katangian?
4. Saan nagmula ang mga katangian na ito?

Ito ay may kaugnayan sa ating paksa, dahil ang tatalakayin natin ay tungkol sa pinagmulan ng mga Pilipino o ng mga sinaunang tao sa Pilipinas.

**2. Paghawan ng Bokabolaryo sa Nilalaman ng Aralin**<br>
Narito ang mga mahahalagang salita na dapat tandaan sa ating aralin.

- Teorya – isang sistematikong pagpapaliwanag ng mga bagay sa mundo sa pamamagitan ng siyentipikong pamamaraan o pananaliksik.
- Austronesian – grupo ng mga tao na matatapuan sa Timog-silangang Asya at Oceania na may pagkakatulad ng wikang ginagamit.


</td>
<td></td>
</tr>
<tr>
<td>

**C. Paglinang at Pagpapalalim**

</td>
<td>

***Ikalawang Araw***


**1. Pagproseso ng Pag-unawa**<br>
Suriin ang dayagram sa ibaba.




</td>
<td>Gamitin ang dayagram upang magkaroon ng pangkalahatang perspektibo tungkol sa paksa na tatalakayin.</td>
</tr>
</table>

Ang dayagram ang magsisilbing gabay para sa paksa ng pinagmulan ng sinaunang Pilipino.


Bigyan natin ng mas malawak na kaalaman ang bawat paksa.

| **Pinagmulan ng mga Sinaunang Pilipino** |
|---|
| **I. Agham** |
| **a. Teoryang Austronesyano** |
| <br>Iminungkahi ni Peter Bellwood, isang propesor ng Archaeology and Anthropology at the Australian National University. |
| Tungkol saan ang Teoryang Austronesyano?<br><br>Ang mga Austronesian ang ninuno ng mga Pilipino. Pinaniniwalaang sila ay nagmula sa Timog-Silangang Asya partikular sa Timog China o Taiwan sa kasalukuyang panahon. Ayon sa pag-aaral, ang ilang pangkat ng Austronesian ay naglakbay patimog mula sa kanilang kapuluan at nakarating sa mga bansa ng Indonesia, Malaysia, New Guinea, Samoa, Hawaii, Easter Island at Madagascar. Naging batayan ang pagkakatulad ng wika ginagamit sa Timog-silangang Asya at sa Pacific. |

Ang mga paksa at kaalaman sa aralin ay mga paunang aralin, hinihikayat ang guro na magsaliksik ng iba pang kaalaman batay sa materyales, libro o *internet* na mayroon sa inyong lugar.

Ang mapa at iba pang larawan ukol sa paksa ay nasa sagutang papel upang makita ng mga mag-aaral ang aktwal na larawan upang makatulong sa talakayan, mayroong mga kaugnay na tanong sa bawat larawan na siyang magpapalalim ng pagkakaintindi ng mga mag-aaral sa paksa.

Suriin ang mapa ng Teoryang Austronesyano ayon kay Bellwood.




Larawan mula sa https://www.thecollector.com/austronesian-culture-influence-pacific/

May pag-aaral din sa mga Austronesian na mula kay Willhelm Solheim II na nagsasabi na ang mga Austronesian ang unang tao sa Pilipinas. Ayon sa kanya, ang mga Austronesian ay nanggaling naman sa Indonesia na nagtungo sa Pilipinas patungong hilaga hanggang makarating sila sa Timog China. Kabaliktaran ng sinasabi ni Peter Bellwood.

Ayon pa kay Solheim, ang layunin ng pagtungo ng mga Austronesian papunta sa Pilipinas ay makipagkalakalan sa Celebes at Sulu. Masasabi natin na magkaiba man ang dalawang teorya tungkol sa mga Austronesian ngunit may pagkakatulad ito, isang patunay na sa paglalakbay ng mga Austronesian ay maiiugnay sa kanila ang imbensiyon ng bangkang may katig na malaki ang ginampanan upang mapalawak ang mga paglalakbay na naging dahilan ng palitan ng kultura at kalakalan sa sinaunang panahon sa bansa.

Nasa sagutang papel ang kuwento upang may kanya-kanyang kopya ang mga

mag-aaral para sa pagpapalalim at mas madaling pagkakaunawa sa kuwento.

May mga kaugnay na tanong para sa kuwento na ito.


**b. Teorya ng Core Population**



Ang nasabing teorya ay inihain ng isang Pilipinong antropologo na si Felipe Landa Jocano ng Unibersidad ng Pilipinas, na ang mga Pilipino ay bunga ng isang mahabang proseso ng pagbabagong kultural at patuloy na migrasyon ng mga Pilipino. Batay sa kanyang teorya, ang mga unang Pilipino ay nagmula sa isang malaking pangkat ng mga sinaunang tao sa Timog-silangang Asya. At pinaniniwalaang may iisang kultura ngunit nang tumagal ay nagkahiwa-hiwalay at sila ay bumuo ng kanya-kanyang pamayanan dahil na rin sa iba't ibang salik na pangkalikasan.

Ayon pa kay Jocano, nahahati sa apat na panahon ang kasaysayan ng Pilipinas. Ang formative kung saan ang mga Pilipino ay pagala-gala lamang at umaasa lamang sa biyaya ng kalikasan. Incipient, ang panahon kung saan nabuo ang mga pamayanang may kasanayan na sa industriya ng paggawa ng alahas, paghahabi ng tela at paggawa ng metal. Ang emergent, ang panahon kung saan ay may sarili ng paraan ng pagsulat at kaya na nilang gumawa ng mga kasangkapang yari sa metal at bubog. At ang baranganic na nagmula sa salitang balangay. Hindi nagtagal, ito ay naging pangalan ng maliit at organisadong pamayanan na tinawag na barangay na naging sentro ng kalakalan.

| | | | |
|---|---|---|---|
| | | Ilan sa mga matitibay na patunay at pinagbatayan ng teoryang Core Population ay ang mga nahukay na mga labi ng mga sinaunang tao sa Pilipinas.<br>**Taong Tabon**<br>Isang patunay nito ay ang mga labi (buto, ngipin, panga) ng Taong Tabon, isang *homo sapiens,* na kapareho ng ibang natagpuang labi sa iba pang panig ng Timog-silangang Asya. Noong 1962, nahukay ang mga labi ng mga taong ito sa kuweba ng Tabon sa Lipuun Point, bayan ng Quezon sa isla ng Palawan na tinatayang nabuhay ang mga ito 22, 000 hanggang 23, taon na ang nakalilipas.<br> | Ipaliwanag ang panuto.<br>Ito ay isang indibidwal na gawain.<br><br>Ito ang patuloy na gawain na mas magpapalalim ng pagkakaunawa ng mga mag-aaral sa paksa kung saan au susulat sila ng editoryal na pipili sila ng panig. |

| | | | |
|---|---|---|---|
| | | Larawan mula sa https://www.nationalgeographic.com/science/article/new-species-ancient-human-discovered-luzon-philippines-homo-luzonensis<br><br>**Taong Callao**<br>Natuklasan ng pangkat ni Dr. Armand Mijares, isang arkeologo mula sa UP, ang buto sa paa ng isang sinaunang Pilipino sa kuweba ng Callao, Cagayan noong 2007. Nabuhay ito may 67,000 taon na ang nakalilipas at mas matanda kaysa sa Taong Tabon.<br><br>Larawan mula sa https://www.nationalgeographic.com/science/article/new-species-ancient-human-discovered-luzon-philippines-homo-luzonensis<br><br><br>**Homo Luzonensis**<br>Nagpatuloy pa ang pag-aaral sa mga lugar kung saan nakita ang mga labi ng sinasabing Taong Callao sa pamumuno nina Dr. Armand Mijares ng University of the Philippines at Florent Detroit ng Museo ng Paris. Ang natagpuang mga labi ay pagmamay-ari ng tatlong pangkat ng tao na kahawig ng Australophitecus (balingkinitang *australophithecine*), Homo erectus (taong nakatindig), Homo floresiensis (taong Flores na tinawag na | Matapos ang pagsusulat at papalalimin ng mga kaugnay na tanong ang gawain na ibinigay ngunit may kalayaan ang guro na hindi na gamitin at pasagutan ang mga katanungan kung sa kanyang palagay ay sapat na ang nakalipas na gawain. Hinihikayat ang guro na matapos ang pagsusulat ay bigyan ng pagkakataon ang ilang mag-aaral na magsalita sa harap upang ipresenta ang kanilang gawa. Kung maaari na isa para sa bawat teorya. |

"hobbit" at "flo") at ang Homo Sapiens (modernong tao). Matapos ang masusing pag-aaral at pagpapatunay ng mga eksperto, tinawag itong ***Homo Luzonensis* (Callao Man)** o Taong Callao na tumutukoy sa labi ng *hominid* na natagpuan sa yungib ng Callao (Fajardo et al. 2023)

**II. Kaalamang Bayan**

**Ang Kuwento ni Malakas at Maganda**

Isang popular na kuwento tungkol sa pinagmulan ng sinaunang tao sa Pilipinas ay sina Malakas at Maganda.

**Ang Pinagmulan ng Daigdig (Si Malakas at Si Maganda)**

Noong unang panahon, walang lupa sa ating daigdig. Ang mayroon lamang ay ang malawak na Karagatan at Langit. Walang humpay naman na naglalagalag sa daigdig ang isang Ibong mandaragit, na tila isang lawin. Isang araw, napagod ang Ibon sa paglipad, ngunit wala siyang matahanang lupa. Kaya, pinagaspas ng Ibon ang kanyang pakpak at umihip ang malaunos na hangin sa Karagatan. Nayanig ang malawak na Karagatan na nagluwal ng daan-daang daluyong na abot-langit. Nagpaulan naman ang Langit ng mga isla upang mapanatag ang Karagatan. Nang pumayapa na ang karagatan, inutusan ng langit ang ibon na manahan sa isang isla at huwag na muli silang gagambalain.

Sa panahon ding iyon, ikinasal ang Hanging Amihan sa Hanging Habagat. Ang kanilang pagmamahalan ay nagluwal ng isang anak - ang Kawayan. Isang araw, nagpapaanod ang Kawayan sa isang ilog nang matamaan nito ang paa ng Ibong nagpapahinga sa pampang. Sapagkat naniniwala ang Ibong walang maaaring manakit sa kanya, tinuka ng Ibon ang Kawayan hanggang sa mabiyak at mahati ito sa dalawa. Mula sa pagkakahati, iniluwal ang lalaking si Malakas at ang babaeng si Maganda.

Pagkatapos, ipinatawag ng Lindol ang lahat ng mga nilalang ng daigdig upang mapagpasyahan kung ano ang magiging kapalaran ng lalaki at babae. Sa huli, nagkasundo ang lahat na mag-iisang dibdib sina Malakas at Maganda. Nagluwal ang kanilang pagmamahalan ng napakaraming supling.

Lumipas ang panahon at lumaking batugan ang mga anak nina Malakas at Maganda. Sa sobrang katamaran ng mga anak, hinangad ng mag-asawa na palayasin na ang mga ito. Kaya lang, hindi nila alam kung saan maaaring manirahan ang mga anak. Umusad ang panahon at lumaki pang lubos ang bilang ng mga anak hanggang sa nawalan na ng kapayapaan sina Malakas at Maganda. Sa sobrang inis, kumuha si Malakas ng isang patpat at pinaghahampas niya ang lahat ng mga anak.

Nasindak ang kanyang mga anak kaya't kumaripas ang mga ito sa iba't ibang direksyon - may nagtago sa mga silid at sa likod ng mga pader ng kanilang bahay, may nagtago sa may pandayan, ang iba nama'y nagsikalat sa labas ng bahay, habang ang iba'y pumalaot sa karagatan.

Itong mga nagsikalat na supling nina Malakas at Maganda ay ang ninuno ng iba't ibang lahi ng daigdig.

Ang mga nagtago sa silid ng bahay ay ang ninuno ng mga datu ng mga isla; ang mga nagsitago naman sa likod ng mga pader ay ang ninuno ng mga alipin; at ang mga nagsikalat sa labas ng bahay ay ang ninuno ng malalaya. Ang mga nagsitago sa pandayan ay ang ninuno ng lahing maitim, at ang mga pumalaot ay ang ninuno ng lahing mapuputi.

*Pinagkunan: Mabel Cole Cook, Philippine Folktales. Chicago: AC McClurg & Co., 1916 at Arete Ateneo Website*

**Si Eba at Adan**

Ang kuwento na ito ay mula sa relihiyong Kristiyanismo. Pinaniniwalaan nila mula sa kanilang banal na kasulatan na ang mga unang tao sa

<table>
<tr>
<td></td>
<td>


mundo ay sina Eba, ang unang babae at si Adan na siyang unang lalaki sa mundo, sila ay nilikha ng Diyos na siyang pinagmulan ng lahi ng tao sa mundo.

***Ikatlong Araw***


2. **Pinatnubayang Pagsasanay**

**Gawain 4: Pinagmulan ng Sinaunang Tao sa Pilipinas ating Paghambingin**

- Gamit ang sagutang papel, punan ng angkop na kasagutan ang Venn Diagram paghambingin ang dalawang teorya ng pinagmulan ng tao sa Pilipinas.
- Magsulat ng limang katangian o kaalaman sa bawat teorya upang mailahad ang pagkakaiba at tatlong katangian o kaalaman na magpapakita ng pagkakatulad ng dalawang teorya.





</td>
<td>Maaari pang umisip ang guro ng ibang paraan kung paano mabilis na mailalahad at mauunawaan ng mga mag-aaral ang paksa.</td>
</tr>
</table>

| | | |
|---|---|---|
| | Matapos ang gawain, ihanda ang mga mag-aaral sa ikalawang bahagi ng pagsasanay.<br><br>**3. Paglalapat at Pag-uugnay**<br><br>Sagutin ang mga kaugnay na mga katanungan:<br><br>1. Kung papipiliin ka ng teorya ng pinagmulan ng mga sinaunang Pilipino, alin ang iyong pipiliing teorya?<br>2. Para sa iyo, bakit ito ang mas dapat paniwalaan na teorya?<br>3. Mahalaga ba na malaman natin ang mga kaalamang bayan tungkol sa pinagmulan ng tao sa Pilipinas? Oo o hindi? Bakit?<br><br>Sa puntong ito ay magbabahagi ang mga mag-aaral ng kanilang mga gawain. | |
| **D. Paglalahat** | ***Ikatlong Araw***<br><br>**1. Pabaong Pagkatuto**<br>Suriin muli ang dayagram para sa pagbubuod ng mga tinalakay tungkol sa pinagmulan ng tao sa Pilipinas batay sa agham at kaalamang bayan.<br><br> | Gamitin muli ang dayagram upang ibuod ang aralin.<br><br>Tumawag ng mga mag-aaral upang magbigay ng ideya ukol sa mga salita sa dayagram.<br><br>Ilalagay sa sagutang papel ang mga larawan at kaugnay na |

<table>
<tr>
<td></td>
<td>


**2. Pagninilay sa Pagkatuto**

Susuriin ng mga mag-aaral ang mga larawan, babalikan ang tinalakay tungkol sa pinagmulan ng tao sa Pilipinas sa pamamagitan ng mga larawan.

<table>
<tr><th>Larawan</th><th>Mga Katanungan</th></tr>
<tr>
<td>


Larawan mula sa https://www.thecollector.com/austronesian-culture-influence-pacific/
</td>
<td>
1. Anong teorya ang ipinapakita sa larawan?<br><br>
2. Ano ang kaugnayan ng larawan sa teorya? Ipaliwanag.
</td>
</tr>
</table>

</td>
<td>katanungan upang magamit ng lahat ng mag-aaral.</td>
</tr>
</table>

| | |
|---|---|
| <br>Larawan mula sa https://edition.cnn.com/2019/04/10/world/new-hominin-discovery-philippines-scn/index.html | 1. Anong teorya ang ipinapakita sa larawan?<br><br>2. Ano ang kaugnayan ng larawan sa teorya? Ipaliwanag. |
| <br>Larawan mula sa https://www.pinterest.ph/pin/352688214543669951/ | 1. Anong teorya ang ipinapakita sa larawan?<br><br>2. Ano ang kaugnayan ng larawan sa teorya? Ipaliwanag. |

| **IV. EBALWASYON NG PAGKATUTO: PAGTATAYA AT PAGNINILAY** | | **MGA TALA sa GURO** |
|---|---|---|
| **A. Pagtataya** | ***Ikaapat na Araw***<br>**1. Pagsusulit**<br>**Tama o Mali.** Sa sagutang papel o malinis na papel, isulat ang **TAMA** kung wasto ang ipinapahayag ng pangungusap at **MALI** naman kung hindi. | |

_______ 1. Ang mga Austronesian ang ninuno ng mga Pilipino.
_______ 2. Pinaniniwalaang nagmula ang mga Austronesian sa Asya partikular sa Timog-Silangang Asya.
_______ 3. Ang ilang pangkat ng Austronesian ay naglakbay patimog mula sa kanilang kapuluan at nakarating sa mga bansang Indonesia, Malaysia, New Guinea, Samoa, Hawaii, Easter Island at Madagascar.
_______ 4. Naging batayan ang wika upang maging ebidensya na ang mga Austronesian ang unang tao sa Pilipinas.
_______ 5. Iminungkahi ni Peter Bellwood ang teorya ng Core Population.
_______ 6. Ayon kay Willhelm Solheim II, ang mga Austronesian ang unang tao sa Pilipinas ayon sa teoryang Austronesian.
_______ 7. Sinasabing ang mga Austronesian ay gumamit ng malaking bangka upang makapaglakbay sa ibang bansa noong unang panahon.
_______ 8. Sumasang-ayon si Willhelm Solheim II sa mungkahi ni Peter Bellwood tungkol sa kuwento ng Austronesian bilang lahi na pinagmulan ng mga Pilipino.
_______ 9. Ayon kay Solheim, ang mga Austronesian ay nagmula sa Indonesia at tinahak ang pahilagang direksiyon.
_______ 10. Ayon kay Bellwood, ang layunin ng paglalakbay ng mga Austronesian ay upang makipagkalakalan.
_______ 11. Isang Pilipinong antropologo na si Felipe Landa Jocano ang nagmungkahi ng teoryang Core Population.
_______ 12. Ayon sa teoryang Core Population ang unang Pilipino ay nagmula sa Timog China.
_______ 13. Isang patunay sa Teorya ng Core Population ay ang Taong Tabon na natagpuan sa Palawan.
_______ 14. Ang Callao Man ay sinasabing naunang nabuhay kaysa sa Taong Tabon.
_______ 15. Ang Callao Man ay natagpuan sa Cagayan ng mga arkeologo sa pangunguna ni Armand Salvador Mijares.
_______ 16. Homo Luzonensis ang tawag sa species ng Callao Man.
_______ 17. Taong 2007 nang matagpuan ang Callao Man.
_______ 18. Ang mga ngipin at ilang buto ang natagpuan sa natitirang labi ng Callao Man.

<table>
<tr><td></td><td colspan="3">_______ 19. Ayon sa kuwento, si Malakas at Maganda ang unang tao sa Pilipinas na nanggaling sa puno ng mangga.<br>_______ 20. Ayon sa Banal na Kasulatan, ang unang tao sa mundo ay sina Adan at Eba.</td><td></td></tr>
<tr><td rowspan="5">B. Pagbuo ng Anotasyon</td><td>Itala ang naobserhan sa pagtuturo sa alinmang sumusunod na bahagi.</td><td>Epektibong Pamamaraan</td><td>Problemang Naranasan at Iba pang Usapin</td><td rowspan="5"></td></tr>
<tr><td>Estratehiya</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>Kagamitan</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>Pakikilahok ng mga Mag-aaral</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>At iba pa</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>C. Pagninilay</td><td colspan="3">Gabay sa Pagninilay:<br>▪ <u>Prinsipyo sa pagtuturo</u><br>Anong prinsipyo at paniniwala ang naging bahagi ng ginawa sa aralin?<br>Bakit dapat ituro ang aralin sa paraang aking ginawa?<br>▪ <u>Mag-aaral</u><br>Anong gampanin ng mga mag-aaral sa aralin?<br>Ano at paano natuto ang mga mag-aaral?<br>▪ <u>Pagtanaw sa Inaasahan</u><br>Ano ang aking nagawang kakaiba?<br>Ano ang maaari kong pang gawin sa susunod?</td><td></td></tr>
</table>

| | |
|---|---|
| ***Inihanda ni: Renz Michael F. Ramirez*** | ***Sinuri ni: Marivic Pimentel, Ph.D.*** |
| ***Institusyon: Central Luzon State University*** | ***Institusyon: Pamantasang Normal ng Pilipinas, Maynila*** |